

3 PAMPUBLIKONG PANGGUGOL NG GASTUSING MEDIKAL

(1) Gastusing Medikal ng Taong May Malubhang Mental at Pisikal na Kapansanan

Kung sumailalim sa panggagamot sa institusyong medikal ang taong pinagkalooban ng libreto ng taong may pisikal na kapansanan (1, 2, 3 antas) o libreto ng rehabilitasyon (Ⓐ, A, Ⓑ) sagot ng pampublikong panggugol ang halagang katumbas ng sariling pasanin. Subalit may limitasyon sa kita para rito.

Sa bawat 1 institusyong medikal, kailangan ang sariling pasanin na 200 yen sa 1 araw. (Subalit tungkol sa pagpapaospital, pasanin hanggang 14 araw/buwan sa 1 institusyong medikal, tungkol sa pagpunta-punta sa ospital, pasanin hanggang 4 araw/buwan sa 1 institusyong medikal.) Bukod pa rito, maaaring palawakin ang mga nasasakop depende sa munisipalidad. Maaaring isinasagawa ang pagpapalawak ng sakop na tao ayon sa lungsod o bayan.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(2) Gastusing Medikal ng Bata

Sistema ito ng pagtulong sa bahagi ng sariling pasanin kung sumailalim ang bata sa panggagamot sa ospital.

Sistema ang Gastusing Medikal ng Bata na isinasagawa ng lungsod/bayan bilang nagpapatupad na organisasyon.

Magkakaiba ang nilalaman ng sistema tulad ng limitasyon sa edad ng taong sakop sa tulong, hangganang halaga ng limitasyon sa kita, sariling pasanin, at iba pa ayon sa lungsod/bayan, kaya't mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(3) Gastusing Medikal ng Tahanan ng Single Parent

Sistema ito ng pagtulong sa bahagi ng sariling pasanin kung sumailalim sa panggagamot sa ospital ang ina/ama at anak (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng araw na naging 18 taong gulang) ng tahanan ng single parent.

Sistema ang Gastusing Medikal ng Tahanan ng Single Parent na isinasagawa ng lungsod/bayan bilang nagpapatupad na organisasyon.

Magkakaiba ang nilalaman ng sistema tulad ng hangganang halaga ng limitasyon sa kita, sariling pasanin, at iba pa ayon sa lungsod/bayan, kaya't mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(4) Gastusing Medikal at Pag-aalaga ng Premature na Sanggol

Kung ipinanganak na premature ang paglaki at likas na katangian ng katawan ng sanggol, at kailangan ang kaagarang pagpapaospital at paggamot, sagot ng pampublikong panggugol ang buong halaga o bahagi ng gastusing medikal ng sanggol na sumasailalim sa tiyak na kondisyon. Maaaring kailangan ang sariling pasanin ng bahagi ayon sa kita ng magulang/tagapag-alaga. Maaaring mag-apply kasabay sa Sistema ng tulong sa gastusing medikal ng mga sanggol. Subalit may limitasyon sa kita.

Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan <Tanggapan para sa kalusugan ng ina at anak>
<https://live-in-hiroshima.jp/boshihokensoudan/>

(5) Gastusing Medikal at Suporta para sa Kasarinlan

Sagot ng pampublikong panggugol at seguro ang 90% ng gastusing kailangan para sa paggamot at suportang nagtatangkang mapagaan ang mental at pisikal na kapansanan. Tungkol sa sariling pasanin na 10%, nagtatakda ng hangganang halaga sa pasanin bawat buwan ayon sa pamantayan ng kita ng sambahayan, at sagot ng pampublikong panggugol ang bahaging lampas sa hangganang halaga.

Sakop sa benepisyong ang sumusunod na pangagamot.

①	Pangangalaga ng Batang May Kapansanan	Paggamot na isinasagawa para sa inaasahan ang tiyak na epekto ng paglunas sa taong walang 18 taong gulang na may pisikal na kapansanan o sakit na kinikilalang mag-iiwan ng kapansanan sa hinaharap kung pinabayaan
②	Rehabilitasyong Medikal	Paggamot na layunin ang mapawi ang pisikal na kapansanan, o mapagaan ito para mapadali ang pangaraw-araw na pamumuhay atbp.
③	Pagpunta-punta sa ospital para sa psychiatric care	Paggamot ng pagpunta-punta sa ospital na isinasagawa upang maisulong ang pagpunta-punta sa ospital para magpagamot ng taong may mental na kapansanan, at mapalaganap ang naaangkop na paggamot

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(6) Gastusing Medikal para sa Tuberkulosis, Nakakahawang Sakit

Sagot ng pampublikong panggugol at seguro ang 95% hanggang buong halaga ng gastusing medikal na sakop sa gastusin sa paggamot ng pasyente ng tuberkulosis at ilang nakakahawang sakit (lagnat na may pagdurugo dahil sa Ebola, MERS atbp.) upang mapalaganap ang naaangkop na paggamot sa tuberkulosis at nakakahawang sakit. Subalit may limitasyon sa kita.

Para sa mga katanungan

Health center (o branch), Health center ng lungsod

(7) Gastusing Medikal para sa Natatanging Mahirap Lunasang Sakit ng Bata

Kung sumailalim sa panggagamot sa institusyong medikal ang taong wala pang 20 taong gulang (wala pang 18 taong gulang kung bagong pasyente) para sa sakit na sakop sa natatanging mahirap lunasang sakit ng bata, bibigyan ng tulong para sa halagang binawasan ng pinahintulatang “Hangganang halaga ng sariling pasanin” mula sa halaga ng sariling pasanin pagkatapos gamitin ang segurong medikal.

Para sa mga katanungan

Health center (o branch), Health center ng lungsod

(8) Partikular na Gastusing Medikal (Itinukoy na Walang Lunas na Sakit)

Kung sumailalim sa panggagamot sa institusyong medikal ang pasyenteng nagkaroon ng sakit na sakop sa partikular na gastusing medikal (itinukoy na walang lunas na sakit), bibigyan ng tulong para sa halagang binawasan ng pinahintulatang “Hangganang halaga ng sariling pasanin” mula sa halaga ng sariling pasanin pagkatapos gamitin ang segurong medikal.

Para sa mga katanungan

Health center (o branch), Health center ng lungsod

(9) Gastusin para sa Pagsusuri ng Hindi Mabuntis at Karaniwang Paggamot ng Hindi Mabuntis

Kung magkasama ang mag-asawang sumailalim sa pagsusuri ng hindi mabuntis, bilang suporta para sa nag-aalala dahil hindi mabuntis, bibigyan ng tulong para sa gastusin sa pagsusuri ng hindi mabuntis at karaniwang paggamot ng hindi mabuntis.

Pinakamalaki ang 50,000 yen (1/2 ng halaga ng sariling pasanin) na hangganang halaga ng tulong, 1 beses lang para sa 1 mag-asawa, kailangang wala pang 35 taong gulang ang edad ng asawang babae sa oras ng pagsisimula ng pagsusuri.

Para sa mga katanungan

Health center (o branch)

(10) Gastusin para sa partikular na paggamot ng hindi mabuntis

Bibigyan ng tulong para sa bahagi ng gastusin para sa partikular na paggamot ng hindi mabuntis (In vitro fertilization, Artificial insemination) upang mapagaan ang pinansyal na pasanin sa paggamot ng hindi mabuntis. Subalit kailangang wala pang 43 taong gulang ang asawang babae sa panahon ng pag-umpisa ng paggamot.

Para sa mga nakatira sa mga lungsod ng Hiroshima, Kure, at Fukuyama, mangyaring sumangguni sa tanggapan ng siyudad na tinitirahan.

◇ Paggamot na Sakop sa Tulong

- Kasama ng In vitro fertilization at Artificial insemination (Tatawaging “Partikular na paggamot ng hindi mabuntis” mula rito.)
- Sa ilalim ng specific fertility treatment, operasyon para kunin ang sperm mula sa testes o sa epididymis (Tatawaging “fertility treatment para sa lalaki” mula rito.)

◇ Halaga, Kadalasan ng Tulong

- Para sa 1 mag-asawa, hanggang 300,000 yen sa bawat 1 paggamot para sa bawat 1 anak, hanggang sa kabuuan na 6 beses
(1 paggamot hanggang sa kabuuan ng 3 beses, para sa bawat 1 anak, sa kaso ng mag-asawa na kung saan nasa 40 taong gulang at pataas ang edad ng asawang babae sa unang beses ng pagtanggap ng tulong para sa oras ng pagsisimula ng paggamot)
- Hanggang 300,000 yen kung sumailalim sa fertility treatment para sa lalaki na isinasagawa bilang bahagi ng specific fertility treatment

Para sa mga katanungan

Health center (o branch)

Para sa mga nasa lungsod ng Hiroshima, Kure,
Fukuyama: City Hall (Tagapangasiwa ng Fertility
Treatment Division)